**4th Gifu Prefecture Foreign Human Resources Active Participation / Multicultural Coexistence Promotion Basic Policy**
**(Summary version)**

## 1 Sitwasyon ng mga Dayuhang Residente sa Prepektura


○ Dumadami ang bilang ng mga Dayuhang Residente.

○ Ang nangungunang 4 na bansa ay ang Pilipinas, Brazil, Vietnam at China na may humigit-kumulang 80% ng kabuuan.

○ Kung ikukumpara sa buong bansa, mataas ang porsyento ng mga technical intern trainees at long-term residents.

○ Sa partikular, ang pagtanggap ng mga Vietnamese technical intern trainees ay mabilis na dumami.

○ Ang bilang ng mga dayuhang bata sa pampublikong elementarya at junior high school at ang bilang ng mga bata na nangangailangan ng suporta sa wikang Hapon ay tumataas.




Ministry of Justice (Statistics of Foreign Residents)

## 2 Mga Pagbabago sa Kalagayang Panlipunan

### (1) Pagkalat ng COVID-19

- ○ Sa ratio ng populasyon, mataas ang rate ng impeksyon ng mga dayuhang residente.
- ○ Sa sandaling magkaroon ng impeksyon, madaling mangyari ang cluster.

### (2) Pagtatag ng Residency Status na "Specific skills"

- ○ May pag-aalala sa kakulangan ng mga trabahador dahil sa pagbaba ng populasyon ng working-age, pagbaba ng birthrate at pagtanda ng populasyon.
- ○ Ang pagtanggap ng Foreign Human Resources ay hindi maiwasan.
- ○ Dahil sa sitwasyong ito, isang bagong status of residence- "Specific Skills"- ang itinatag noong Abril 2019.

## 3 Pangunahing Layunin at Focus ng Policy

**(Pangunahing Layunin)**

| |
|---|
| Layunin na maisakatuparan ang "isang lipunan kung saan lahat ng mga mamamayan ng prepektura ay komportable na nagtatrabaho at naninirahan (multicultural society)" sa pamamagitan ng pagkilala sa mga dayuhang naninirahan sa prefecture bilang "mga dayuhang mamamayan" na bumubuo sa lokal na komunidad, paggalang ng kultura at paraan ng pag-iisip ng isa't isa, at maayos na komunikasyon. |

(Focus ng Policy)

### (1) Magkaroon ng maayos na komunikasyon sa komunidad

Batay sa kumplikadong ruta ng pagkolekta ng impormasyon para sa mga dayuhang residente at mga hadlang sa kultura at wika na natuklasan bilang tugon sa COVID-19, magsusumikap kaming maghatid ng impormasyon at lumikha ng komunikasyon sa mga dayuhang residente na hahantong sa pagkakaunawaan ng isa't isa.

**（Pag-seguro ng iba’t ibang paraan ng paghatid ng impormasyon）**

・Pag-promote ng pagpapalakas ng kooperasyon sa pagitan ng pamahalaan at mga dayuhang komunidad ng prepektura

・Pag-promote ng karagdagang pagbuo ng network sa mga dayuhang employment companies

・Pag-promote ng pakikipagtulungan sa Nagoya Regional Immigration Bureau at mga konsulado, atbp.

**（Pagpapahusay ng sistema ng konsultasyon, administrative window at Pagkakaloob ng impormasyon）**

・Pagpapalaganap ng "Gifu Prefecture Foreign Resident Counseling Center"

・Pag-promote ng "*Yasashi Nihongo*" sa tanggapang pang-administratibo

・Pag-promote ng pagsisikap sa paggamit ng Digital Transformation (DX), tulad ng pagpapakilala ng mga AI translators sa mga tanggapan ng pamahalaan, atbp.

**（Pagpapahusay ng edukasyon sa wikang Hapon sa komunidad）**

・Pag-promote ng pag-secure ng mga staff na maaaring gumanap ng aktibong papel sa mga lokal na Japanese language class

・Suporta para sa pagtatag at pagpapatakbo ng mga lokal na Japanese language class sa mga munisipalidad

・Pag-promote ng pag-secure ng mga bagong staff para sa Japanese language education para sa younger generation, atbp.

**（Paglikha ng kamalayan ng Multicultural Coexistence）**

・Pagsulong ng pakikilahok ng mga dayuhang residente sa lokal na komunidad at paglikha ng mga pagkakataon sa pakikipaghalubilo

・Pagtaas ng kamalayan ng iba’t ibang kultura para sa mga bata at mag-aaral

## （２）Paglikha ng isang kapaligiran kung saan ang mga foreign workers ay maaaring gumanap ng isang aktibong tungkulin

Upang ma-seguro ang mga human resources sa isang bumababang populasyon, magsisikap kaming lumikha ng isang kapaligiran kung saan ang mga foreign workers ay maaaring gumanap ng isang aktibong tungkulin. Magsisimula ito sa mga trabaho at suporta sa pamumuhay.

**(Pagpapahusay ng suporta para sa mga kumpanyang tumatanggap ng foreign workers)**

- Pag-promote ng "Push-type" na suporta sa konsultasyon sa pakikipagtulungan sa "foreign employment company consultation desk" at mga consultation desk sa espesyal na larangan
- Ipalaganap ang kariwasaan ng pagtatrabaho at pamumuhay sa Prepektura gamit ang WEB atbp.
- Pag-promote ng mga pagsisikap na palalimin ang pag-unawa ng mga kumpanya sa pagtanggap ng mga foreign workers, atbp.

**(Pag-promote ng trabaho sa mga kumpanya sa prepektura para sa mga foreign workers)**

- Pagdaraos ng mga internship at job fair sa pagitan ng international students at mga kumpanya sa Prepektura
- Pagbibigay ng corporate information gamit ang WEB para sa international students, atbp.

**(Suporta para sa mga foreign workers upang makapamuhay ng payapa)**

- Pagpapalaganap ng "Gifu Foreign Resident Counseling Center" [Repost]
- Paghatid ng multilingual information tulad ng emergency safety assurance at mga evacuation instructions sa pamamagitan ng SNS, atbp.

## （３）Paglikha ng kapaligirang nakakatulong sa pag-aaral ng mga bata

Habang dumarami ang mga dayuhang bata na nangangailangan ng suporta sa wikang Hapon, magsusumikap kaming mapabuti ang kapaligiran upang makatulong sa school life adjustment at pagiging independent ng mga bata sa lipunan.

**（Pagpapabuti ng kapaligiran ng paaralan para sa mga bata）**

- Suporta para sa pagtatatag ng mga primary learning support, atbp. upang ang mga dayuhang bata ay maka-adjust sa “school life”
- Pag-arrange ng teachers, atbp na magtuturo ng Japanese o magsu-suporta sa mga dayuhang batang studyante.

**（Pagpapahusay ng Career Counseling and Education）**

- Pagpapatupad ng mga lektura at job training na tutulong sa bata na bumuo ng kongkretong idea ng pipiliing gawin sa hinaharap
- Magdaos ng mga lecture para sa mga magulang upang maunawaan ang sistema ng edukasyon sa Japan, atbp.

## （4）Paglikha ng lugar na maaaring mamuhay ng ligtas at matiwasay

Layunin gumawa ng lugar kung saan lahat ay maaaring mamuhay ng ligtas at matiwasay, tulad ng pagtatag ng sistema upang makatugon sa tumitinding weather disasters at upang komportableng makatanggap ng medical check-up kahit na sa COVID pandemic at paglikha ng isang kapaligiran na nagpapadali sa pagpapalaki ng mga anak.

**（Pagbuo ng Support System sa panahon ng Sakuna）**

・ Ang pagsasagawa ng mga technical at epektibong disaster prepardness drills o courses para sa ng mga dayuhan na Disaster Preparedness Leaders, atbp.

・ Pagsulong ng paggamit ng "multilingual automatic disaster information transmission system" sa mga munisipalidad

・ Impormasyon tulad ng emergency safety securance at evacuation instructions ay ipinapadala sa iba't ibang wika sa pamamagitan ng SNS [repost], atbp

**（Pagtitiyak ng kaligtasan at seguridad sa pang-araw-araw na buhay tulad ng pagpapabuti ng sistemang medikal）**

・ Pagsulong ng pagtatatag ng "family doctor" para sa mga dayuhang paaralan at komunidad

・ Suporta para sa mga Medical Institution na kumuha ng mga Medical Interpreter at ipakilala ang mga medical interpreting services

・ Pagbibigay ng impormasyong kinakailangan para sa henerasyong nagpapalaki ng bata sa maraming wika

・ Pagpapalakas ng sistema na nagpapadali para sa mga dayuhang residente na kumunsulta sa mga istasyon ng pulisya, atbp.